# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 93*

***"12 Kaya nga lahat ng mga bagay na ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila: sapagka't ito ang sa kautusan at ang mga propeta. 13 Kayo'y magsipasok sa makipot na pintuan: sapagka't maluwang ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok. 14 Sapagka't makipot ang pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nangakakasumpong noon. 15 Mangagingat kayo sa mga bulaang propeta, na nagsisilapit sa inyo na may damit tupa, datapuwa't sa loob ay mga lobong maninila. 16 Sa kanilang mga bunga ay inyong mangakikilala sila. Nakapuputi baga ng mga ubas sa mga tinikan, o ng mga igos sa mga dawagan? 17 Gayon din naman ang bawa't mabuting punong kahoy ay nagbubunga ng mabuti; datapuwa't ang masamang punong kahoy ay nagbubunga ng masama. 18 Hindi maaari na ang mabuting punong kahoy ay magbunga ng masama, at ang masamang punong kahoy ay magbunga ng mabuti. 19 Bawa't punong kahoy na hindi nagbubunga ng mabuti ay pinuputol, at inihahagis sa apoy. 20 Kaya't sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila. 21 Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit. 22 Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? 23 At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan. 24 Kaya't ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato: 25 At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at hindi nabagsak: sapagka't natatayo sa ibabaw ng bato. 26 At ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at hindi ginaganap, ay matutulad sa isang taong mangmang, na itinayo ang kaniyang bahay sa buhanginan: 27 At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at nabagsak: at kakilakilabot ang kaniyang pagkabagsak." (Mateo 7:1-27 KJV)***

***"12 Kaya nga lahat ng mga bagay na ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila: sapagka't ito ang sa kautusan at ang mga propeta." (Mateo 7:1-27 KJV)*** Narito ang kabuuan ng lahat ng turo ng Panginoon para sa Kanyang sermon sa bundok simula sa Mateo hanggang dito. * Sinasabi ng Panginoon na anumang bagay na gustong gawin ng mga tao kung gayon gawin mo sa kanila. Hindi lamang para sa mga kapatid kundi pati na rin sa mga hindi mananampalataya. Ito ang pagtawag sa pagyaon at kamitin ang mahirap na turo na hindi mo pa ginagawa. Habang hinihiling mo ang pinakamahusay na pagtrato mula sa iba kung gayon kailangan mong gawin ang iyong tungkulin at pinakamabuti sa iba. Nilinaw din sito ni Jesus nang sinabi Niya ***"sapagka't ito ang sa kautusan at ang mga propeta."*** Sinasabi Niya at inaanyayahan ang bawat isa sa atin na bumalik sa turo na nasa Kautusan ni Moises at sa mga Propeta ng Lumang Tipan at makita mula doon ang mga bagay na kailangan mong gawin sa iba upang ikaw ay tratuhin nang mabuti gaya ng hinihiling mo iyon para sa iyo. Ito rin ang pagtawag ng Dios upang basahin ang Salita ng Dios, maging ang Kasulatan sa Lumang Tipan.

***"13 Kayo'y magsipasok sa makipot na pintuan: sapagka't maluwang ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok." (Mateo 7:1:13 KJV)*** Ang makipot na daan ay ang Panginoong JesuCristo, Siya ang pintuan ng mga tupa. ***"7 Muli ngang sinabi sa kanila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ako ang pintuan ng mga tupa. 9 Ako ang pintuan; ang sinomang taong pumasok sa akin, ay siya'y maliligtas, at papasok at lalabas, at makasusumpong ng pastulan." (Juan 10:7, 9 KJV)*** Sa pamamagitan ni Jesus tayo ay naligtas at Siya ang daan sa Dios Ama sa pamamagitan ng Kanyang dugo, at walang ibang daan; sapagkat si Jesus ang daan at ang katotohanan at ang buhay, at walang makakarating sa Dios Ama maliban sa pamamagitan Niya. Ang ibig sabihin ng makipot na pintuan ay sinamahan ng mga pagsubok, kapighatian, kasakitan, pag uusig, pagdalamhati at pagdurusa upang lumakad sa alintuntunin ng Dios at sa kalooban ng Dios. ***"sapagka't maluwang ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok."*** Sa maluwang na daan ay ang daan na gusto mong gawin at ikaw ay malaya na pumunta dahil sa pagnanasa ng iyong mga mata at ang pagnanasa ng laman at ang kasiyahan ng kasalanan at marami silang dadaan doon. Ang maluwang na daan na maaring gusto mong lakaran dahil walang pagbabawal doon, at marami gusto nila at pinili nila iyon, ngunit ito'y humahantong sa pagkapahamak.

***"14 Sapagka't makipot ang pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nangakakasumpong noon. " (Mateo 7:14 KJV).*** Ito ang makipot na pintuan at ang makitid ang daan, na pipilipitin ka sa mga pagsubok, kapighatian, pagdadalamhati, paguusig, pagtanggi at pagdurusa. Ito ay ang daan ng pagsusumikap, ang daan ng pagsunod, ang daan ng paggawa ng kalooban ng Dios at ang daan upang mamuhay para paluguran ang Dios, at ang daan na hahantong sa buhay at kakaunto ang makakasumpong nito na handang dumaan sa gayong daan ng mga pagdurusa at pagdadalamhati.

***"15  Mangagingat kayo sa mga bulaang propeta, na nagsisilapit sa inyo na may damit tupa, datapuwa't sa loob ay mga lobong maninila:" (Mateo 7:15  KJV)*** Nagbabala dito si Jesus sa kanila tungkol sa mga bulaang propeta at bulaang mga guro na magsisilapit dahil sa Kanya at ituro ang mga bagay salungat sa kung anong itinuturo niya sa kanila ng mga paksa sa Kanyang mga sermon sa bundok. Marahil binabalaan Niya sila tungkol sa mga Fariseo at Eskriba na nagturo sa mga tao ng utos ng mga tao. Nagbabala rin si Apostol Pedro tungkol sa mga bulaang guro. ***"1 Nguni't may nagsilitaw din naman sa bayan na mga bulaang propeta, na gaya naman sa inyo'y magkakaroon ng mga bulaang guro, na mangagpapasok sa lihim ng mga makakapahamak na mga hiduwang pananampalataya, na itatatuwa pati ang Panginoon na bumili sa kanila, na mangagtataglay sa kanilang sarili ng madaling pagkapahamak." (2 Pedro 2:1 KJV)*** Sila'y lalapit sa mga tao itinatago ang maling motibo sa loob nila, nagpapanggap na sila'y mabuti, lumalapit sa mga tao nang may pananamit na tupa, ngunit mula sa loob sila'y mabangis na lobo na may maling motibo sa paglilingkod sa Dios.

***"16 Sa kanilang mga bunga ay inyong mangakikilala sila. Nakapuputi baga ng mga ubas sa mga tinikan, o ng mga igos sa mga dawagan?" (Mateo 7:16 KJV)*** Ang kabutihan ng mangangaral at ang kanyang turo ay nagtatakda ng bunga na lilitaw sa mga sanga. Ang mabuting bunga ay tulad ng ubas at igos ay hindi magmumula sa mga tinikan at dawagan. Ang kahulugan niyaon ay mula sa maling turo ng mga tao ay walang mabuting bunga ng pananampalataya, kabanalan, kagalakan, kapayapaan, at kaaliwan. Kaya't kailangan nating bumalik sa Salita ng Dios at suriin kung ano ang itinuturo natin.

***"17 Gayon din naman ang bawa't mabuting punong kahoy ay nagbubunga ng mabuti; datapuwa't ang masamang punong kahoy ay nagbubunga ng masama." (Mateo 7:17 KJV)*** Kung ang puno ay gumagamit ng Salita ng Dios para sa turo at sa landas ng buhay, kung gayon ito magbubunga ng mabuting bunga, kaligtasan ng mga kaluluwa, totoong pagsisisi, kabanalan, at pamumuhay sa kalooban ng Dios. Ngunit ang masamang puno na ginamit ang turo ng mga tao at hindi ng Banal ng Kasulatan ay magdadala ng masamang bunga.

***"18 Hindi maaari na ang mabuting punong kahoy ay magbunga ng masama, at ang masamang punong kahoy ay magbunga ng mabuti." (Mateo 7:18 KJV)*** Pinagtitibay dito ni Jesus na ang turo na nagmula sa biyaya ng Dios, batay sa Banal na Kasulatan, pinatnubayan ng Banal na Espiritu at ng kalooban ng Dios ay hindi kailanman magbubunga ng masamang bunga. Ngunit ang masamang mangangaral na hindi gumamit o umaasa sa Salita ng Dios, at hindi nagbibigay daan sa Banal na Espiritu o sa kalooban ng Dios ang kanyang turo ay hindi magbubunga ng mabuting bunga ng katuwiran.

***"19 Bawa't punong kahoy na hindi nagbubunga ng mabuti ay pinuputol, at inihahagis sa apoy." (Mateo 7:19 KJV)*** Dito ipinahayag ng Panginoon ang paghatol sa mga bulaang propeta na sa malao't madali sila'y puputulin at ihahagis sa apoy. Ibig sabihin ni Jesus ang paghatol ng Dios ay dadarating sa mga bulaang guro na nagtuturo na walang bunga.

***"20 Kaya't sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila." (Mateo 7:20 KJV)*** Ang tanging paraan upang makilala ang mga tao kung sila ay tunay o hindi, ay sa pamamagitan ng bunga na sila'y magpaparami at walang ibang paraan. Ang bunga ng mga bulaang propeta ay walang bunga at nasa ilalim ng paghatol ng Dios.

***"21 Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit." (Mateo 7:21 KJV)*** Hindi ang lahat na tumatawag kay Cristo na Panginoon siya ay nasa pagpapasakop kay Cristo. Kaya naman hindi lahat ng tumatawag kay Cristo, ***"Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit;"*** dahil hindi mo alam ang nasa loob nila patungkol kay Cristo. Ngunit ang mga gumaganap lamang ng kalooban ng Dios Ama ang makakapasok sa Kaharian ng Dios.

***"22 Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?" (Mateo 7:22 KJV)*** Marami ang magsasabi kay Cristo sa araw na iyon, Ang ibig Niyang sabihin sa panahon ng paghuhukom o ang araw ng Kanyang pangalawang pagparito. Tatawagin nila si Cristo ***"Panginoon, Panginoon"***, ngunit hindi Siya ang kanilang Panginoon na naghahari at namumuno sa kanilang buhay. Sasabihin nila sa Kanya na gumawa sila ng mabubuting bagay tulad ng panghuhula sa Kanyang pangalan, sinimulan ang gawaing pagmimisyon sa Kanyang pangalan, paggawa ng mabuting gawa sa Kanyang pangalan, ngunit sa katotohana ginagamit nila ang pangalan ni Cristo para sa anumang layunin, pagpapaalis ng mga demonyo sa Kanyang pangalan, at paggawa ng mga kagigilalas na mga gawa at himala at pagkakamit sa pamamagitan ng mga kaloob ng Banal na Espiritu. Ang lahat ng mabubuting bagay ay hindi makakaakit kay Cristo, hangga't ginagawa nila ang kanilang sariling kalooban at hindi ang kalooban ng Dios Ama.

***"23 At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan." (Mateo 7:23 KJV)*** Ipapahayag ni Cristo sa kanila nang harapan at sa araw ng paghuhukom na hindi Niya sila kilala; ang ibig sabihin ni Cristo dito ***"hindi ko kayo***

***nangakilala"*** ay, *Hindi ko kayo kailanman itinuring na akin, o kayo ay pag-aari ko; Hindi kita kailanman pinahintulutan, ni ang iyong pag uugali.'* Dahil alam na alam ni Cristo na hindi nila Siya sinunod ni hindi nila ginawa ang kalooban ng Diyos Ama, kundi sinunod nila ang kanilang sariling kalooban, plano at hangarin, at dahil sa gaynoon ay iuutos Niya sa kanila na lumayo sa Kanya, na ipasa para sa paghatol dahil sila ay gumawa ng kasamaan.

***"24 Kaya't ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato:" (Mateo 7:24 KJV)*** * Tinatawag sila ni Cristo at tinatawag tayo dito upang bumalik sa Kanya at bumalik sa Kanyang Salita na narinig natin mula sa Kanya. Tinawag sila ni Cristo at tinatawag tayo ngayon na bumalik sa turo na narinig natin sa Kanyang sermon sa bundok. Kailangan nating bumalik sa Kanyang Salita. Palagi nating siyasatin ang ating sarili at makita kung sinusunod ba natin ang Salita ni Cristo o ang ibang mga salita. * Sinabi dito ni Jesus sa kanila at sa atin na kailangan nating marinig ang Kanyang Salita at gawin ang mga ito, at sa gayon itinatayo natin ang bahay sa bato, ang matatag at ang matibay na pundasyon na mayroon tayo kay Cristo at sa Kanyang Salita at sa Kanyang biyaya. Tinawag ni Cristo ang tao na gumawa ng ganoon ay matalinong tao na nakinig sa Salita ng Dios at kinuha ang babala at itinayo ang kanyang bahay sa bato.

***"25 At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at hindi nabagsak: sapagka't natatayo sa ibabaw ng bato." (Mateo 7:25 KJV)*** Ang mga ulan at baha ay darating; Maaaring ang ibig sabihin ni Cristo ay ang mga pagsubok at kapighatian ngunit ang bahay ay tatayo at hindi babagsak dahil ang bahay ay itinayo at itinatag sa bato, kay Cristo Jesus at sa Kanyang Salita sa atin. Ang mga ulan at baha ay maaring ang ibig sabihin nito ay ang mga ulan at baha sa panahon ni Noe, na ang lahat ng bagay ay nalipol maliban sa sasakyan ni Noe dahil ito ay itinatag at itinayo sa Salita at mga tagubilin ng Dios.

***"26 At ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at hindi ginaganap, ay matutulad sa isang taong mangmang, na itinayo ang kaniyang bahay sa buhanginan:" (Mateo 7:26 KJV)*** Inilalarawan dito ni Jesus ang isang taong nakarinig ng turo ni Jesus na itinuturo niya sa bundok at hindi ginawa ang mga ito ay katulad ng isang taong mangmang na itinayo ang kanyang bahay sa buhangin. Ito ay hindi itinayo sa bato at hindi nakatayo sa mga pagsubok at kapighatian.

***"27 At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at nabagsak: at kakilakilabot ang kaniyang pagkabagsak." (Mateo 7:27 KJV)*** Muli ang kanyang gawa at ang itinayo niya ay masusubok ng mga pagsubok, pagbaha, at sa mga hangin na darating at sisirain ang bahay at ito ay babagsak dahil ito ay itinayo sa buhangin. Ang lungsod ni Enoch na itinatag ni Cain ay winasak ng baha ngunit si Noe ay naligtas kasama ng kanyang pamilya sa pamamagitan ng sasakyan na itinayo niya sa pagsunod sa Salita ng Dios at sa Kanyang utos. Narinig ni Noe ang Dios at ginawa ang sinabi ng Salita ng Dios sa kanya at naligtas kasama ng kanyang pamilya mula sa ulan at baha.

Ang sinasabi dito ni Jesus sa kanil at sinasabi sa atin ngayon ay isang babala: Kapag narinig mo ang Salita ng Dios at binalewala at hindi mo inilapat at ipinatupad sa iyong buhay, kung gayon ipapahintulot ng Dios sa iyo ang mga pagsubok at kapighatian na dumating sa iyong buhay at ikaw at ang iyong mga gawa ay masusubok, at dahil hindi ito itinayo sa Kanyang Salita at dahil hindi ito itinatag sa Kanyang utos kung gayon ito ay babagsak at ang lahat ng iyong mga gawa ay malilipol.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tayo ngayon ay lumapit sa Panginoon. Magsisi tayo sa ating mga kasalanan. Gawin natin sa iba ang anumang gusto nating gawin nila para sa atin. Tahakin natin ang makipot na daan patungo sa buhay. Lumabas tayo mula sa malawak na pintuan at lahat ng ating ginagawa ng ating sarili upang hindi mapahamak. Suriin natin ang ating sarili at ang paraan ng pamumuhay natin at alamin kung sinusunod natin ang turo ni Jesus o ang ating sarili. Mamuhay tayo at kumilos bilang matalinong tagapagtayo. Pakinggan natin ang lahat ng ating pinag aralan at natutuhan mula sa Salita ng Dios at mga tagubilin ni Jesus mula sa Kanyang sermon sa bundok at isagawa ang mga ito at ipamuhay ang ito sa ating buhay upang maitayo natin ang ating buhay sa bato, at ang ating itatayo ay tatayo hanggang sa dumating si Cristo at isama tayo sa Langit.

Tayo ay manalangin.

***Ang aking panalangin;*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyo para sa babala na tinanggao namin ngayon mula sa turo at sa paggabay na nakuha namin mula sa iyong Salita at sa sermon mo sa bundok. *

*Ipagtapat natin at talikuran ang ating mga kasalanan. Talikdan ang kasalanan ng pagawa ng iyong sariling kalooban at ang gusto mo. Talikdan ang pagmamataas, kawalan ng disiplina at pangako, ang iyong pagkamakasarili at walang malasakit sa iba, hindi handang magdusa at maglingkod sa Dios, ang iyong maling motibo sa paglilingkod sa Dios, paggamit ng mga kaloob ng Banal na Espiritu para sa iyong sariling kalooban*

*at layunin. Talikdan ang iyong kasakiman, ang iyong pagibig sa salapi, ang iyong kamunduhan at ang iyong pagibig sa materyal na mga bagay. Talikdan ang paggawa ng iyong sariling mga plano at proyekto at tanggihan ang paggawa ng kalooban ng Dios. Panginoon tinatalikdan ko at pinagsisisihan ang mga sumusunod na kasalanan ________________________.*

*Panginoon Ako'y bumabalik sa iyo, lumalabas sa malawak na pintuan at sa paggawa ng sariling kong kalooban at mga plano, pabalik sa makipot na daan paggawa ng mabuting plano mo para sa akin.*

*Panginoon Ako'y bumabalik sa iyong Salita at sa iyong turo. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na ipamuhay ang mga ito sa aking buhay na magparami ng bunga na magtatagal magpakailanman. Panginoon ipinapangako kong muli ang aking sarili na maglingkod sa iyo nang buong puso at ituwid ang aking mga lakad sa harap mo.*

*Panginoon salamat sa iyo para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay na sundin ang iyong Salita at ipamuhay ang mga ito sa kanilang buhay. Panginoon ibalik sila sa iyo at sa ministerio na ibinigay mo sa kanila. Panginoon gamitin sila na magparami ng bunga na magtatagal magpakailanman. Panginoon protektahan mo sila sa masama. Panginoon alalayan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan upang patuloy na maglingkod sa iyo at lumakad sa daan na itinakda mo sa kanila na pagdaanan.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan bilang ipinangako namin ang aming sarili na mamuhay ayon sa iyong Salita at sa turo na tinanggap namin mula sa iyo. Panginoon protektahan kami mula sa pag uusig at alalayan kami mula sa gawa ng diablo upang patuloy kaming makapagtiis sa paggawa ng iyong kalooban sa lupa hanggang dumating ka at kunin kami patungo sa Langit. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na magparami pa ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kapayapaan, kagalakan, pananampalataya, kaamuhan, kabutihan, kahinahunan, pagpipigil sa sarili, mahabang pagdurusa, at kababaang loob, sa gayo'y makita ka ng mga tao sa aming buhay. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon at mag evangelio at maabot ang bagong mga tao, at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang mas maraming manggagawa upang magtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon paglain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Espiritu Santo ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 93. Mateo 7:12-26. Juan 10:7,9. 2 Pedro 2:1.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com